# PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10

**Anabel A. Aquino**
**Vidal S. Mendoza Jr.**

Graduate School, FEU Roosevelt, Cainta, Rizal, Philippines

Corresponding author's email: vmendoza@feuroosevelt.edu.ph

**ABSTRACT**

Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na "Pagsusuri sa Bisa ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) Bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino sa Baitang 10", na naglalayong malaman ang kabisaan ng mga estratehiya ng PEIG sa 67 mag-aaral mula sa Ikasampung baitang na pinili sa pamamagitan di- probabilidad na *purposive sampling*. Isinagawa sa pag-aaral na ito ang disenyong Quasi-Experimental One-Group Pretest-Posttest sa pamamagitan ng paggamit ng sinuring talatanungang pagsusulit na ginawa ng mananaliksik na binubuo ng 50 bilang na siyang ginamit para sa pauna at panapos na pagsusulit. Ang mga datos ay masusing sinuri gamit ang t-test at ang independent t-test. Ipinakita rito na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit. Ang pagtaas ng marka mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panapos na pagsusulit ay dulot ng paggamit ng mga estratehiya ng PEIG. Ang mga estratehiyang ito ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng panitikang Pilipino partikular sa paksang El Filibusterismo. Samantalang walang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at kasarian ng mga tagatugon. Walang kinalaman ang kasarian ng mga tagatugon sa marka sa paunang pagsusulit. Iba sa naging paghahambing sa marka ng panapos na pagsusulit at kasarian ng tagatugon. Magkaiba ang marka sa panapos na pagsusulit ng babae sa lalaki. Ang mga estratehiya ng PEIG ay inirerekomendang gamitin din sa ibang asignatura at baitang para sa pagtamo ng layunin ng pagkatuto.

**Mga susing salita:** Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG), Panitikang Pilipino, Estratehiya,

## PANIMULA

Ang panitikang Pilipino ay itinuturing na isang mahalagang yaman ng bansa na nagsisilbing tagapag-ugnay sa nakaraan at kasalukuyan. Ito ay sumasalamin sa kultura at tradisyon, kasaysayan, at mga pagpapahalagang taglay ng mga mamamayan ng bansa. Ito rin ay nagiging daan upang maipahayag ang iba't ibang damdamin, mga karanasan, at ang pakikipaglaban sa buhay sa gitna ng lipunang ating ginagalawan. Bukod pa dito, dahil sa panitikan nauunaawan natin ang ating pagkakakilanlan, pinagmulan, maging ang kadakilaan ng ating mga ninuno. Alinsunod sa Republic Act No. 9155, ang Department of Education (DepEd) ay nagbigay-daan sa paglikha ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) sa pamamagitan ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) upang

iayon ang kurikulum sa kulturang Pilipino para nang sa gayun ay lumalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino bilang yaman ng bansa.

Sa larangan ng edukasyon, mahalaga ang papel ng panitikan Pilipino sa pagpapaunlad ng kaisipan at paghubog ng damdamin at pag-uugali ng mga mag-aaral. Ngunit sa kabila ng kaisipang ito ay naging kapansin-pansin ang pagbaba ng interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Maraming mag-aaral ang hindi lubos na nakauunawa sa kabuluhan ng panitikan bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at bilang kasangkapan sa pag-unawa sa lipunang kanilang ginagalawan. Ayon kina Platil et al. (2024), bagama't kinikilala ang halaga ng panitikan sa kultura, hindi pa rin ganap na naipakikita ng mga kabataan ang positibong pananaw dito bilang tagapagpanatili ng pambansang pagkakakilanlan, kaya ito ay nananatiling hamon sa edukasyon. Ang hamong ito ay pinasidhi pa ng impluwensya ng modernisasyon at globalisasyon na nakaaapekto sa interes at pananaw ng mga mag-aaral na maaaring magbunsod upang ipagsawalang- bahala ang pag-aaral nito.

Bunsod nito, lumilitaw ang pangangailangan para sa mga interaktibo at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan Pilipino na higit na makakukuha sa interes ng mga mag-aaral at magpapalalim sa kanilang pag-unawa. Ayon sa pag-aaral nina Ballard et al. (2022), ang estratehiya ng pagtuturo ng guro ay maaaring makaapekto sa interes ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino, kung saan ang hindi angkop na paraan ng pagtuturo ay nagiging sanhi ng kawalan ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Isa sa mga itinuturing na makabuluhang inisyatibo ay ang Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) ng Sisters of Charity of Saint Anne na naglalayong mapabuti ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng mga holistikong estratehiya na nakatuon sa intelektwal, gawaing nakasentro sa mga mag-aaral, pagpapaunlad sa kaisipan at pagpapahalaga ng bawat isa. Binibigyang-diin ng mga estratehiya ng PEIG ang kolaboratibong pagkatuto, at ang paggamit ng mga interaktibong pedagohiya upang maging makabuluhan ang edukasyon sa kasalukuyan.

## Kaligiran ng Pag-aaral

Ipinapakita ng 2024 FLEMMS ng PSA na bagama't mataas ang batayang literasi sa Pilipinas, mas mababa ang *functional literacy,* na nagpapahiwatig ng kakulangan sa tunay na pag-unawa sa binabasa at ng agwat sa pagitan ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kaugnay nito nagiging hamon ang pagtuturo ng panitikang Pilipino sapagkat ang mababang antas ng pag-unawa ay nagdudulot ng pagbaba ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Mas nagiging mahirap para sa kanilang unawain ang mga akdang pampanitikan tulad ng tula, maikling kuwento, at nobela, na nagreresulta sa limitadong kolaborasyon at partisipasyon sa pagkatuto. Samantala, ayon kina Fuentes et al. (2024), maaaring malutas ang mga suliraning ito sa pamamagitan ng mas malawak, aktibo, at mag-aaral na nakasentro na paraan ng pagtuturo na nakabatay sa kanilang mga interes.Sa panahon ngayon mahalagang malaman ng guro na ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng panitikang Pilipino ay isa sa mga magbubunsod upang mapalalim ang pag-unawa dito lalo ngayong dumarami ang mga nakaiimpluwensya upang manatili ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Ayon kay Pagcanlungan (2021), mahalaga ang papel ng guro sa pagpapakilala at paggabay sa mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan, kahit may mga kaisipang hindi ganap na nasasaklaw ng guro. Ipinapakita nito na tungkulin ng guro ang akayin ang mga mag-aaral sa paglinang ng kaalaman tungkol sa panitikan.



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

Sa gitna ng mabilis na pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalong nagiging mahalaga ang pagsasagawa ng mga inobasyon sa pagtuturo upang matugunan ang nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral at guro. Ang paggamit ng mga angkop na mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo sa Filipino ay lubhang mahalaga upang matiyak ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaakibat nito, binigyang-diin ni Salazar (2025) ang kahalagahan ng interaktibong pagtuturo sa pagkatuto ng Filipino, partikular sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapataas ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Natuklasang ang interaktibong estratehiya ay nakatutulong upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa klase, kung saan nagkakaroon sila ng pagkakataong maipahayag ang kanilang mga ideya at mapayaman ang kanilang karanasan sa pagkatuto.

Kaugnay nito, mas pinapalakas ang paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo na nakasentro sa mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang partisipasyon, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa. Ang mga estratehiyang ito ay nakatutulong upang maiugnay ang aralin sa kanilang karanasan at realidad ng buhay at lipunan.Isa sa mga makabagong inisyatibo na maaaring makatugon sa hamong ito ay ang Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG), na nagtataguyod ng kolaboratibo, kontekstuwalisado, at makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Layunin nitong mapataas ang kalidad ng pagkatuto sa pamamagitan ng interaktibong mga estratehiya at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga lokal na pag-aaral hinggil sa bisa ng estratehiya ng PEIG sa konteksto ng edukasyong Pilipino, partikular sa pagtuturo ng panitikang Pilipino. Dahil dito, mahalagang suriin ang bisa nito bilang estratehiya sa pagpapalalim ng pag-unawa, interes, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan.

## Kaugnay na Literatura

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga kaugnay na literatura na sistematikong pinili at sinuri ng mananaliksik. Kabilang dito ang mga mahahalagang pag-aaral at akademikong sulatin na may direktang kaugnayan sa paksa upang higit na maunawaan ang umiiral na kaalaman. Mula rito, natutukoy ang mga pangunahing ideya at kakulangan sa mga naunang pananaliksik na nagsisilbing batayan at gabay ng kasalukuyang pag-aaral.

### *Kahalagahan ng Panitikan at Pagtuturo ng Filipino*

Ang DepEd Order No. 55, s. 2016 ay nagtatakda ng mga patakaran sa pambansang pagsusuri ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilalim ng K to 12 Basic Education Program. Layunin nitong masukat ang progreso ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura, kabilang ang Filipino, upang matukoy kung natutugunan nila ang mga pamantayan ng kurikulum.

Ang panitikan ay isang salamin ng lipunan sapagkat ipinapakita nito ang mga kaganapan, suliranin, pangarap, at tagumpay ng isang bayan. Ngunit higit pa riyan, ito rin ay isang repleksyon ng damdamin at kaisipan ng tao. Ito ay pinatotohanan ni Nazareth (2020) na ang panitikan ay isang makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng kaisipan at kamalayang panlipunan.

Kaugnay naman nito, sa pagtuturo ng mga guro ng panitikan ay napagyayaman din nila ang paggamit ng wikang Filipino na siyang mabisang paraan ng pakipagkomunikasyon. Sapagkat sinabi ni dating SWF-UP director Rommel B. Rodriguez na ang Filipino ang susi sa pagpapayaman ng pambansang kultura. Sa pagtuturo ng asignaturang ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na muling tuklasin ang kanilang ugat, ipagmalaki ang kanilang pinagmulan, at maging aktibong kalahok sa pagbubuo ng pambansang identidad.kontekstong kultural ng wika, mas nagiging buo ang ating pagkakaunawa sa



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

ating sarili at sa ating lipunan. Pinalakas din ng pag-aaral na ito ang pananaw nina Sugigdo et al. (2023) na ang panitikan ay isang mabisang daluyan sa pagsasalin ng diwang makabansa.

*Hamon sa Pagtuturo ng Panitikan*

Sa kasalukuyang panahon, nahaharap ang pagtuturo ng panitikan sa isang seryosong hamon katulad ng unti-unting pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa, pagsusuri, at pag-unawa ng mga akdang pampanitikan. Binigyang-diin nina Agusrita et al. (2025), ang tula ay nagiging isang mahalagang instrumento sa interaktibong pagtuturo.

Sinabi ni Del Rosario (2022) na ang mga guro ay nananatiling konserbatibo sa kanilang pamamaraan ng pagtuturo ng panitikan dahil na rin sa mga layunin at kompetensi na kailangang matugunan sa loob lamang ng isang linggo. Ang ganitong sistema ay nagbigay alalahin sa mga guro, lalo na kung limitado rin ang oras, kagamitan, at suporta. Sa ganitong kalagayan, mas inuuna nila ang pagsunod sa kurikulum kaysa sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.

Binigyang-diin nina Aquino P. et al. (2022) na ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, partikular sa panitikan, ay isa sa mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga guro sa kasalukuyang panahon. Ang kakulangan sa motibasyon at aktibong pakikilahok ng mga estudyante ay hindi simpleng isyu lamang ng pag-uugali, kundi ito ay may malalim na epekto sa kanilang pangkalahatang pagkatuto at akademikong pag-unlad.

Samantala ayon kay Abaigar (2024) ang mga panlabas na salik naman ay ang kawalan ng gabay mula sa mga guro at magulang, kakulangan ng mga materyal sa pagbasa, hindi angkop na mga nilalaman sa mga babasahing materyal, at ang kawalan ng oras sa pagbabasa sa bahay ay isang salik na nakaaapekto sa magbababa ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang.

*Interaktibong Estratehiya sa Pagtuturo para sa Makabuluhang Pagkatuto*

Ang paggamit ng mga interaktibong pamamaraan tulad ng collaborative learning, malikhaing pagsusulat, at digital presentations ay hindi lamang simpleng pagbabago sa istratehiya ng pagtuturo, kundi ito ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral**.**

Ayon kay Torres (2021) at Dela Cruz (2021), ang napapanahong estratehiya ay mga teknik na tumutugon sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon tulad ng paggamit ng teknolohiya, online platforms, at iba pang modality. Sa pamamagitan ng mga paraang ito, ang mga estudyante ay hindi na nananatiling pasibong tagatanggap ng impormasyon, kundi sila mismo ay nagiging aktibong kalahok sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto**.**

Bukod sa mga interaktibong pamamaraan at paggamit ng teknolohiya, ayon kay Heick T. (2021) mahalagang magsimula sa kahulugan upang mas maunawaan ang panitikan sa makabagong panahon kung saan ang mga mag-aaral ay nakasanayan na ang mabilisang impormasyon mula sa teknolohiya, social media, at digital platforms, mahalagang magsimula sa kahulugan upang mas lubos na maunawaan ang panitikan.

Sinabi rin naman ni Ocangas (2025) na ang mga guro ay epektibo kapag gumagamit ng komprehensibong plano at iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo. Ang interaktibong pamamaraan at *collaborative learning* ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa kanilang mga kaklase, magbahaginan ng pananaw, at sama-samang bumuo ng kaalaman.

Binanggit ni Dionisio (2021) na ang isang mabuti at mahusay na guro ay laging may



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

panahong humanap at gumawa ng inobasyon para sa pag-unlad ng pagganap ng kaniyang mga mag-aaral. Nararapat na siya'y kakikitaan ng pagiging makasining at malikhain sa pagtuturo upang mapanatili ang interes at motibasyon ng kaniyang mga mag-aaral sa pag-aaral. (Cabalita, 2024). Idadagdag pa ang sinabi ni Villafuerte (2019), na ang guro mismo ay nararapat na maging handa at bukas sa mga bago at epektibong paggagalugad sa mga estratehiyang maaaring magamit sa pagtuturo.

Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Navarro Orellana et al. (2021), Benítez González at Fariña Ruiz (2019), at Ramos Silva (2021) na ang Proyecto Educativo Institucional (PEI) ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapahusay ng pamamahalang pang-edukasyon at kalidad ng pagtuturo. Binibigyang-diin nito ang pag-aayon ng mga layunin ng institusyon sa pamantayang pang-edukasyon at pangangailangan ng komunidad, gayundin ang pagpapalakas ng partisipasyon ng mga *stakeholder.*

Ang Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) ng Sisters of Charity of St. Anne ay isang makabuluhang inisyatibo na hindi lamang nakatuon sa akademikong aspeto ng edukasyon kundi maging sa kabuuang paghubog ng tao—sa kanyang isip, damdamin, espiritu, at ugnayan sa kapwa. Itinuturing itong isang komprehensibong gabay na nagsisilbing ilaw sa gitna ng mga hamon sa makabagong panahon, lalo na sa larangan ng edukasyon, kung saan maraming pagbabago ang nagaganap bunga ng teknolohiya, pandaigdigang krisis, at mga pagbabago sa sistemang pang-edukasyon, PEIGlobal Santa Ana (2025.

## Batayang Teoretikal

Ang mga teoryang pang-edukasyon ang siyang nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, paggamit ng kontekstong kultural, at integrasyon ng iba't ibang estratehiya bilang kasangkapan sa mas makabuluhang pagkatuto.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng teoryang Constructivist Theory ni Jean Piaget at Lev Vygotsky kung saan ito ay nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng interaktibong estratehiya, ang mga mag-aaral ay nagiging aktibo. Ang Constructivist Theory nina Jean Piaget at Lev Vygotsky ay nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ayon kay Piaget, ang pagbuo ng kaalaman ay batay sa sariling karanasan ng mag-aaral, kung saan ginagamit nila ang dating kaalaman upang maunawaan ang bagong impormasyon. Kailangan ding itugma ang mga estratehiya sa pagtuturo sa antas ng kognitibong pag-unlad ng mag-aaral. Samantala, binibigyang-pansin naman ni Vygotsky ang *Zone of Proximal Development* na naglalaman ng mga gawain kung saan ang suporta mula sa guro o kaklase ay mahalaga upang matulungan ang mag- aaral. Itinataguyod din ni Vygotsky ang collaborative learning at scaffolding upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga aralin. Ang mga prinsipyong ito ay maaaring ilapat sa interaktibong estratehiya tulad ng role-playing at collaborative projects,upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay may paksang "Pagsusuri sa Bisa ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) Bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino Sa Baitang 10" sa paaralan ng Virgen Del Pilar School Rodriguez, Inc.. Ito ay naglalayong malaman kung may makabuluhang bang pag-unlad sa pag- unawa at kaalaman ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga istratehiya sa PEIG bilang pamamaraan



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

ng pagtuturo. Kaugnay nito, sinisikap sagutin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na pangunahing suliranin:

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon batay sa kasarian?
2. Ano ang marka ng paunang pagsusulit?
3. Ano ang marka ng panapos na pagsusulit gamit ang estratehiya ng PEIG?
4. May makabuluhan bang pagkakaiba sa marka ng pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG?
5. May makabuluhan bang kaugnayan sa marka ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit batay sa kanilang kasarian?
6. Batay sa resulta, ano ang programang maaaring irekomenda upang mapahusay at mapalaganap ang paggamit ng estratehiya ng PEIG sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino?

**Hinuha**

Walang makabuluhan pagkakaiba sa marka ng pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG.

Walang makabuluhang kaugnayan sa marka ng pauna at panapos na pagsusulit batay sa kanilang kasarian.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral n aiyo ay sumasaklaw sa pagsusuri ng bisa ng paggamit ng mga estratehiya ng PEIG sa pagtuturo ng panitikang Pilipino sa mga mag-aaral sa Ikasampung baytang sa Virgen Del Pilar School Rodriguez, Inc. kung saan ang mananaliksik ay kasalukuyang nagtuturo. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Ikaapat na Markahan sa taong panuruan 2025-2026 — pangalawang taon ng paggamit ng paaralan sa mga estratehiya ng PEIG. Ang pananaliksik ay nakatuon partikular sa nobelang El Filibusterismo mula kabanata 1-15.

Ang bisa ng estratehiya ng PEIG ay sinukat sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang matukoy kung may pag-unlad sa kaalaman ng mga mag-aaral bago at matapos ang pagtuturo gamit ang naturang estratehiya. Ang pagsusulit ay nakatuon sa pag-unawa sa mga mga kaisipan, nilalaman, at ang pag-unawa sa kaugnayan nito sa mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan na nakapaloob sa bahagi ng nobela.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay malalaman ng mananaliksik ang mabisa at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino.

**METODOLOHIYA**

Nakapaloob sa bahaging ito ang pagtalakay sa mga disenyong ginamit, lugar ng pag-aaral, mga kalahok, instrumento sa pag-aaral at, mga hakbang na isinagawa ng pananaliksik.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na gumagamit ng Kwasi-eksperimental One-Group Pretest-Posttest Design, partikular ang pauna at panapos na pagsusulit (pre-test at post-test). Pinili ang mga kalahok batay sa umiiral pangkat ng mag-aaral sa isang tiyak na institusyon. Ang mananaliksik ay gumamit ng teacher-made test o



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

binuong pagsusulit ng guro bilang pangunahing instrumento upang sukatin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Ayon kay Cresswell (2018), ang quasi-expiremental ay isang disenyo ng pananaliksik na eksperimental na hindi gumagamit ng random na pagtatalaga ng mga kalahok sa mga grupo, ngunit patuloy na may pagmamanipula o pagbabago sa isang malayang baryabol (independent variable).

Sa pananaliksik ni Lagman (2020), ginamit ang pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang bisa ng flipped classroom sa pagtuturo ng panitikan. Lumabas sa resulta na may makabuluhang pagtaas

## Pook ng Pag-aaral

Ang Virgen Del Pilar School Rodriguez, Inc. ay isang institusyong pang-edukasyon na matatagpuan sa Iloilo Street, Burgos, Rodriguez, Rizal. Itinatag ito noong 1998 ng mga Sisters of Charity of St. Anne (SCSA) at patuloy na pinamamahalaan ng nasabing kongregasyon. Ang paaralan ay bukas sa lahat ng mag-aaral anuman ang kanilang relihiyong kinabibilangan. Bahagi ito ng malawak na paglilingkod ng SCSA upang itanim at linangin ang mga Kristiyanong pagpapahalaga sa puso ng bawat mag-aaral. Kinilala ng Department of Education ang Pre-school ng paaralan noong Pebrero 11, 2000; ang Elementarya naman ay noong Abril 23, 2003, at ang High School ay kinilala noong Setyembre 17, 2008. Ang unang batch ng mga nagtapos sa High School ay pinarangalan noong Marso 27, 2010.

Noong Hunyo 2016, sinimulan ng paaralan ang pagbubukas ng Senior High School bilang bahagi ng pagpapalawak ng kanilang serbisyo. Taong 2011, ang Virgen Del Pilar School , Rodriguez, Inc ay sertipikado na rin ng Fund Assistance to Private Education (FAPE) at simula Setyembre 2012, ito ay naging applicant school ng Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges and Universities (PAASCU). Ang paaralan ay miyembro din ng Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP).

Sa kasalukuyan ang paaralan ay pinangangasiwaan ng punong guro na si Sr. Marychelle B. Gruta, SCSA. Ang paaaralan ay binubuo ng 48 mga guro at mga kawaning di- nagtuturo. Samantalang ngayong taong panuruan 701 na mga mag-aaral mula sa Pre-school hanggang Senior High School ang bumubuo dito. Taglay ng paaralan ang iba"t ibang pasilidad na nakatutulong nang malaki upang higit na matamo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga napiling tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa Ikasampung Baitang ng Virgen Del Pilar School Rodriguez, Inc. para sa taong panuruan 2025–2026. Ginamit ng mananaliksik ang di-probabilidad na *purposive sampling* upang matukoy ang mga kalahok na isinama sa pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay nakabatay sa pagpapasya ng mananaliksik sa pagpili ng mga kalahok. Ang kabuuang populasyon ng nasabing baitang ay binubuo ng 67 babae at lalaking mag-aaral na nahahati sa dalawang pangkat: ang 10A-St. Lorenzo Ruiz na may 34 na mag-aaral, at ang 10B-St. Pedro Calungsod na may 33 mag-aaral. Ang mananaliksik mismo ang nagtuturo sa parehong pangkat. Ginawa ito upang matiyak na parehas ang paraan at kalidad ng pagtuturong matatanggap ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, masisigurong ang anumang



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

pagbabago sa kanilang marka ay dulot ng estratehiyang sinusuri at hindi dahil sa pagkakaiba ng guro.

Ang mga pangkat ay itinuturing na heterogenous sapagkat ang mga mag-aaral ay nagmumula sa magkakaibang antas ng kasanayan at kaalaman, na nakatutulong upang makuha ang mas malawak na perspektibo sa pag-aaral at makakuha ng mas balanseng datos sa pananaliksik.

**Instrumentong Ginamit sa Pananaliksik**

Ang instrumentong ito ay nagsilbing batayan ng mananaliksik sa pagsusuri ng epekto ng PEIG bilang estratehiya sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino. Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng Quasi-Experimental One-Group Pretest-Posttest Design upang masukat ang bisa ng PEIG bilang estratehiya sa pagtuturo. Ang quasi-experiment (Vocht,2020) ay kaakit-akit para sa pananaliksik dahil nagbibigay ito ng kakayahang suriin ang mga pangyayari o interbensyon na mahirap o imposibleng manipulahin sa pamamagitan ng isang eksperimentong kontrolado. Ginamit ang Pre-Test at Post-Test Questionnaire kung saan limampung (50) aytem na maramihang pamimilian ang binuo upang sukatin ang kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino. Ang pagsusulit na ito ay binuo batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng Department of Education para sa Baitang 10 sa Filipino. Ang mga tanong ay hinati sa limang kategorya— Ang mga kompetensi sa pagkatuto ay nakatuon sa iba't ibang kasanayan na susubok sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng iba't ibang uri ng teksto. Sa bahagi ng Pag-unawa sa Binasa, na may 15 aytem, sinusuri ng mga mag-aaral ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan. Sa Pag-unawa sa Napakinggan, na may 15 aytem din, natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangyayari, tunggalian, tagpuan, at wakas. Samantala, sa Paglinang ng Talasalitaan na may 10 aytem, nabibigyang-kahulugan ang mga matatalinhagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata.

Sa kabilang banda, sa Panonood na may 5 aytem, naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga pangyayaring napanood sa bidyu sa mga pangyayaring naganap sa panahon ng pagkakasulat ng akda. Sa huli, sa Pagsasalita na may 5 aytem, nailalarawan ng mga mag-aaral ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata. Sa kabuuan, ang mga kompetensiyang ito ay naglalayong paunlarin ang kritikal na pag-iisip, pang-unawa, at kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

Kabilang sa mga estratehiyang ginamit sa loob ng isang linggong interbensyon ay ang *PEI Table, Coffee Table, Rotating Microphone, Pasapalabra at Diary of Metacognition.*

Ang mga estratehiyang ito ay sumasalamin sa layunin ng PEIG na holistic at value-based learning.Samantalang isinagawa ang balidasyon ng instrumento ng pauna at panapos na pagsusulit at binalideyt ng tatlong eksperto sa larangan ng Filipino at panitikan.



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

**Talahanayan Blg. 1**
**Bilang ng Aytem sa Bawat Kompetensi ng Pauna at Panapos na Pagsusulit Batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs)**

| Bilang | Kompetensi | Kabuuang Bilang ng Aytem | Koda |
|---|---|---|---|
| **A. Pag-unawa sa Binasa** | | | |
| 1 | Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan | 15 | F10PB-IVb-c-87 |
| **B. Pag-unawa sa Napakinggan** | | | |
| 2 | Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtunton sa mga pangyayari; pagtukoy sa tunggaliang naganap; pagtiyak sa tagpuan; at pagtukoy sa wakas. | 15 | PP10PB-IVb-c-83 |
| **C. Paglinang ng Talasalitaan** | | | |
| 3 | Nabibigyang-kahulugan ang matatalinhagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata ng nobela | 10 | F10PT-IVb-c-83 |
| **D. Panonood** | | | |
| 4 | Naiuugnay sa kasalukuyang pangyayaring napanood sa video clip ang pangyayari sa panahon ng pagkakasulat ng akda | 5 | F10PD-IVb-c-82 |
| **E. Pagsasalita** | | | |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | | | |
|---|---|---|---|
| **5** | Nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamin sa kabanata | 5 | F10PS-Ig-h-69 |
| **KABUOAN:** | | **50** | |

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa isinagawang pananaliksik na may pamagat na Pagsusuri sa Bisa ng Proyecto Educativo Institional (PEIG) Bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino sa Baitang 10, isinagawa ang sistematikong paraan ng pagkalap ng datos upang matiyak ang kawastuhan, bisa, at pagiging mapagkakatiwalaan ng resulta. Pinili ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa Ikasampung baitang sa pribadong paaralan ng Virgen Del Pilar School Rodriguez, Inc.

Bago isagawa ang aktwal na pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan at sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang liham. Ipinabatid din sa mga kalahok na ang kanilang partisipasyon ay boluntaryo at ang lahat ng impormasyong malilikom sa pananaliksik ay mananatiling lihim at kumpidensyal.

Isinagawa ang paunang pagsusulit sa mga kalahok upang masukat ang kanilang panimulang kaalaman at pag-unawa bahagi ng nobelang El Filibusterismo mula kabanata 1-15. Ang pagsusulit ay isinagawa sa loob ng klase sa takdang oras upang matiyak ang pare-parehong kondisyon para sa lahat ng kalahok.

Isinagawa ang interbensyon pagakatapos maisagawa ang paunang pagsusulit. Ang mga estratehiyang ito ay ginamit sa loob ng dalawang linggo kung kailan isinagawa ng mananaliksik ang interbensyon. Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ng mananaliksik ang panapos na pagsusulit sa kaparehong mag-aaral. Layunin ng pagsusulit na ito na matukoy kung nagkaroon ng pagbabago sa kaalaman, pag-unawa, at pagpapahalaga sa bahagi ng nobela bilang resulta ng mga ginamit na estratehiya sa pagtuturo.

Dito ay pinag-aralan at inanalisa ng mananaliksik ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit upang makita kung may bisa ang paggamit ng PEIG bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikang Pilipino sa mahusay na pagkatuto ng mga mag-aaral sa Ikasampung baitang.

**Estadistikong Ginamit**

Ang mananaliksik ay gumamit ng Disenyong Kwantitatibo, sa pagpili ng mga kalahok sa pag- aaral pinili ng mananaliksik ang dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa Ikasampung baitang na siyang sumailim sa pauna at panapos na pagsusulit nang matapos ang pangangalap ng datos gamit ang Quasi- Experimental One-Group Pretest-Posttest Design at sinuri ang resulta ng pagsusulit sa pamamagitan ng istadistikang pamamaraan: Para sa unang suliranin: Ano ang propayl ng mga tagatugon batay sa kasarian? ginamit ang Frequency, Percentage.

Para sa ikalawang suliranin: Ano ang marka ng paunang pagsusulit? Ginamit ang Mean, Standard Deviation



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

Para sa ikatlong suliranin: Ano ang marka ng panapos na pagsusulit gamit ang estratehiya ng PEIG?ginamit ang Mean, Standard Deviation

Para sa ikaapat na suliranin: May makabuluhan bang pagkakaiba sa marka ng pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG? ginamit ang Paired samples T-Test

Para sa ikalimang suliranin: May makabuluhan bang kaugnayan sa marka ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit batay sa kanilang kasarian? Ginamit dito ang intependent t-test

**Etikal na Konsiderasyon**

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik. Bago isinagawa ang pag-aaral, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro — una, upang magamit ang PEIG bilang bahagi ng pag-aaral, at ikalawa, upang maisagawa ang pananaliksik sa loob ng paaralan. Humingi rin siya ng pahintulot sa mga mag-aaral na naging kalahok sa pag-aaral at tiniyak na ang lahat ng impormasyong makakalap mula sa kanila ay mananatiling ligtas at kumpidensyal. Bukod dito, humingi rin ng pahintulot sa mga magulang ng mga mag-aaral upang payagan ang kanilang anak na lumahok sa pag-aaral.

Tiniyak ng mananaliksik ang katapatan sa pangangalap, pagsusuri, at pag-uulat ng mga datos, at ibinigay ang wastong pagkilala sa lahat ng sangguniang ginamit upang maiwasan ang plagyarismo. Gumamit din ang mananaliksik ng mga karagdagang sanggunian mula sa internet at teknolohiyang AI upang mapalawak ang kaalaman at mapagtibay ang resulta ng pag-aaral. Sa kabuuan, isinagawa ang pag-aaral nang may mataas na antas ng integridad, respeto sa mga kalahok, at layuning magbigay ng kapakinabangan sa pagtuturo ng panitikang Pilipino sa bawat mag-aaral.

**RESULTA**

Ipinapakita sa ibaba ang iba't ibang talahanayan para sa mga resulta ng natuklasan sa pag-aaral.

**Talahanayan 1**
**Propayl ng mga Tagatugon Batay sa Kasarian**

| Kasarian | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|
| Lalaki | 34 | 50.7 |
| Babae | 33 | 49.3 |
| Kabuuan | 67 | 100.0 |

**Talahanayan 2**
**Marka ng mga Tagatugon sa Paunang Pagsusulit**

| **Pagitan ng Puntos** | **Paglalarawan** | **Frequency** | **Bahagdan** |
|---|---|---|---|
| 41-50 | Napakahusay | | |
| 31-40 | Lubos na kasiya-siya | 34 | 51 |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | | | |
|---|---|---|---|
| 21-30 | Kasiya-siya | 22 | 33 |
| 11-20 | Di gaanong kasiya-siya | 9 | 13 |
| 0-10 | Nangangailangan ng pagpapabuti | 2 | 3 |
| **Kabuuan** | | 67 | 100 |
| **Mean** | | **28.73** | |
| **SD** | | **8.39** | |

**Talahanayan 3**
**Marka ng Panapos na Pagsusulit Gamit ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG)**

| Pagitan ng Puntos | Paglalarawan | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|---|
| 41-50 | Napakahusay | 39 | 58 |
| 31-40 | Lubos na kasiya-siya | 15 | 22 |
| 21-30 | Kasiya-siya | 7 | 10 |
| 11-20 | Di gaanong kasiya-siya | 5 | 7 |
| 0-10 | Nangangailangan ng pagpapabuti | 1 | 1 |
| **Kabuuan** | | | |
| **Mean** | | **37.90** | |
| **SD** | | **9.86** | |

**Talahanayan 4**
**Pagkakaiba sa Marka ng Pauna at Panapos na Pagsusulit Gamit ang mga Estratehiya ng PEIG**

| Pagsusulit | Mean | Pagtaas/Bahagdan | Computed Paired T-Test Value | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pauna | 28.73 | | | | Reject the Hypothesis | |
| Panapos | 37.90 | 9.17 (32%) | -11.981 | 0.001 | | Significant |

*Note: p-value ≤ 0.05 – significant, p-value > 0.05 – not significant*

**Talahanayan 5.1**
**Pagkakaiba sa Marka ng mga Tagatugon sa Paunang Pagsusulit Batay sa Kasarian**

| Propayl | Mean | Computed Value | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kasarian** | | | | | |
| Lalaki | 26.77 | Computed T-Test Value=-1.989 | 0.051 | Do not Reject the Hypothesis | Not Significant |
| Babae | 30.76 | | | | |

*Note: p-value ≤ 0.05 – significant, p-value > 0.05 – not significant*



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

**Talahanayan 5.2**
**Pagkakaiba sa Marka ng mga Tagatugon sa Panapos na Pagsusulit Batay sa Kasarian**

| Propayl | Mean | Computed Value | p-value | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kasarian** | | | | | |
| Lalaki | 34.56 | Computed T-Test Value=-2.973 | 0.004 | Reject the Hypothesis | Significant |
| Babae | 41.33 | | | | |

*Note: p-value ≤ 0.05 – significant, p-value > 0.05 – not significant*

**Mungkahing Programa**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Programa** | PEIG Seminar-Workshop para sa mga Guro: Estratehiya at Inobasyon sa Makabagong Pagtuturo" |
| **Tagapagtaguyod** | Anabel A. Aquino Guro sa Filipino10 |
| **I- Rasyunal** | Ayon sa UNESCO, nakasalalay ang kalidad ng edukasyon sa kakayahan ng mga guro na gumamit ng napapanahon, inobatibo at mga estratehiya sa pagtuturo na nakasentro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng UNESCO na ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa pamamagitan ng seminar at pagsasanay ay mahalaga upang mapahusay ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.<br>Ang seminar-workshop na ito ay idinisenyo upang mapalawak at mapalakas ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya ng PEIG (Proyecto Educativo Institucional Global) bilang isang interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng lecture-discussion, demonstrasyon ng iba't ibang estratehiya, pagdidisenyo ng Plano sa Pagkatuto, at pakitang- turo, layunin nitong mabigyan ang mga guro ng mas malalim na pag-unawa at aktwal na karanasan sa aplikasyon ng PEIG sa loob ng silid-aralan.<br>Mahalagang mabigyang-pansin ang ganitong pagsasanay upang mapalawak ang kakahayang |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| | pedagohiya ng mga guro at mapataas ang kalidad ng pagtuturo, partikular sa asignaturang Panitikang Pilipino at iba pang mga aralin. Sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa mga gawain, inaasahang mahuhubog ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng makabuluhan, interaktibo, at kritikal na mga gawain para sa mga mag-aaral.<br>Isasagawa ang programang ito bilang tugon sa pangangailangan na mapalakas ang kakayahan ng mga guro sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, dahil sa patuloy na pagbabago sa kurikulum at sa lumalaking pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas dinamiko at makabuluhang pagkatuto. Layunin din nitong matugunan ang mga hamon sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo at mapalitan ito ng mas angkop at epektibong pamamaraan na nakabatay sa aktibong partisipasyon at kritikal na pag-iisip.Dagdag pa rito, ang seminar-workshop ay nagsisilbing pagkakataon upang maipakita ang praktikal na implementasyon ng PEIG sa pamamagitan ng pakitang-turo, na magbibigay-daan sa pagsusuri at pagpapabuti ng mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo. Sa kabuuan, ang programang ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng makabago at sistematikong pamamaraan ng pagtuturo |
| **II- Pangkalahatang Layunin** | Ang pangunahing layunin ng seminar-workshop na ito ay mapalakas ang kasanayang pedagohiya ng mga guro sa pamamagitan ng malalim na pag-unawa at aktwal na karanasan sa paglalapat ng mga inobatibong estratehiya ng PEIG. Nilalayon nitong ihanda ang mga guro sa pagbuo ng mga konkretong Plano sa Pagkatuto na nakatuon sa pagpukaw ng malikhain at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng mga pakitang-turo at kolaboratibong pagsusuri, madidisenyo ang mga pamamaraang mas dinamiko at angkop sa pangangailangan ng makabagong kurikulum. Nais din ng programa na itaguyod ang isang komunidad ng mga guro na mapanuri at handang magbahagi ng mahahalagang feedback para sa ikauunlad ng bawat isa. Higit sa lahat, ang |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| | inisyatibong ito ay naglalayong itaas ang pangkalahatang kalidad ng edukasyon sa Virgen del Pilar School sa pamamagitan ng mas sistematiko at epektibongproseso ng pagtuturo at pagkatuto. |

| | |
|---|---|
| **III- Kaligiran** | Ang Virgen del Pilar School, Rodriguez Inc. ay patuloy na nagsusulong ng de-kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro at pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagtuturo. Sa mabilis na pagbabago sa larangan ng edukasyon, kinakailangan ang interaktibong pamamaraan upang mas mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino. Bilang tugon dito, isinasagawa ang isang seminar-workshop na naglalayong palakasin ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng PEIG (Proyecto Educativo Institucional Global) bilang estratehiya sa pagtuturo. bong pagkatuto sa loob ng silid-aralan. |
| **IV- Deskripsyon** | Ang programang ito ay mahalagang hakbang ng paaralan upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas dinamiko, makabago, at kritikal na paraan ng pagkatuto. Sa kabuuan, ang inisyatibong ito ay nakatuon sa patuloy na pagpapanatili ng antas ng edukasyon sa Virgen del Pilar School, Rodriguez Inc. sa pamamagitan ng epektibong paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo.<br>Ang seminar-workshop ay isang inisyatibong pangkaunlaran para sa mga guro ng Virgen del Pilar School, Rodriguez, Inc na naglalayong palakasin ang kaalaman at kasanayan sa ng mga guro paggamit ng mga estratehiya ng PEIG (Proyecto Educativo Institucional Global) bilang interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Idinisenyo ang programa upang mabigyan ang mga guro ng mas malawak na pag-unawa at aktwal na karanasan sa paglalapat ng mga estratehiya sa kanilang pagtuturo sa loob ng silid- aralan. |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| | |
| **I- Paunang Yugto ng Pagpapatupad** | |

| A. Lekstyur at Talakayan hinggil sa PEIG at mga estratehiya nito | |
|---|---|
| **Gawain** | Pagpapaliwanag ng mga konsepto, estratehiya, at kahalagahan ng PEIG |

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Mapalawak ang kaalaman ng mga guro hinggil sa konsepto, kahalagahan, at mga estratehiya ng PEIG sa larangan ng edukasyon. |
| **Kalahok** | Mga guro at Punong guro |
| **Pamamaraan** | Isasagawa ang aktibidad sa pamamagitan ng lekstyur gamit ang multimedia presentation para sa pagpapaliwanag ng PEIG. Magkakaroon din ng pangkatang talakayan kung saan magbabahagi ang mga guro ng kanilang karanasan, at magtatapos sa isang open forum at sintesis upang matiyak ang malinaw na pag-unawa sa aplikasyon nito sa pagtuturo. |
| **Petsa at Oras** | Ika-26 ng Mayo, 2026/ 8:00 – 9:30 ng umaga |
| **Mga kagamitan** | Laptop, telebisyon, internet, papel at panulat |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| **Inaasahang bunga** | Napalawak ang kaalaman ng mga guro sa PEIG at naipakita ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok, malinaw na pagpapaliwanag ng mga konsepto, at pagbabahagi ng sariling pananaw sa aplikasyon nito sa pagtuturo. |
| B. Demonstrasyon ng iba't bang estratehiya | |
| **Gawain** | Pagsasagawa ng tagapagpatupad ng pakitang-turo gamit ang estratehiya ng PEIG. |
| **Layunin** | Maibahagi ang mga angkop na estratehiya sa integrasyon ng PEIG sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino at iba pang aralin upang mapukaw ang malikhain at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. |
| **Kalahok** | Mga guro at Punong guro |
| **Pamamaraan** | Isasagawa ang aktibidad sa pamamagitan ng isang aktwal na pakitang-turo (demonstration teaching) kung saan ipapakita ng tagapagpatupad ang praktikal na aplikasyon ng PEIG sa isang partikular na aralin. Susundan ito ng pagsusuri at feedback session, kung saan ang mga gurong tagamasid ay magtatala at magbabahagi ng kanilang mga obserbasyon<br>tungkol sa pagiging epektibo ng mga ginamit na estratehiya sa pagpukaw ng malikhain at kritikal na pag-iisip. |
| **Petsa at Oras** | Ika-26 ng Mayo, 2026/ 9:30 – 10:30 ng umaga |
| **Mga kagamitan** | Laptop, telebisyon, internet, papel at panulat |
| **Inaasahang bunga** | Nagkaroon ng aktibong pakikilahok ang mga guro sa pagmamasid, pagsusuri, at pagbibigay ng feedback at naitala ng mga guro ang mga mahahalagang estratehiya na maaaring gamitin sa sariling pagtuturo |

| | |
|---|---|
| C. Pagdidisenyo ng Plano sa Pagkatuto | |
| **Gawain** | Ang bawat guro o grupo ay inaasahang makabubuo ng isang<br>Plano sa Pagkatuto na may integrasyon ng mga |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| | estratehiyang nakabatay sa PEIG |
| **Layunin** | Makapagdisenyo ang mga guro ng mga Plano sa Pagkatuto na may integrasyon ng estratehiya ng PEIG. |
| **Kalahok** | Mga guro at Punong guro |
| **Pamamaraan** | Isasagawa ang aktibidad sa pamamagitan ng isang worksyap sa pagbuo ng lesson plan. Hahatiin ang mga guro sa kani- kanilang mga disiplina o baitang upang magtulungan sa paglalapat ng mga estratehiyang PEIG sa isang napiling paksa. Sa gabay ng tagapagsalita at punong guro, gagamitin ang mga natutunang konsepto upang makabuo ng isang konkretong plano sa pagkatuto na nakatutok sa malikhain at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. |
| **Petsa at Oras** | Ika-26 ng Mayo, 2026/ 10:30 -12:00 ng umaga |
| **Mga kagamitan** | Laptop, telebisyon, internet, papel at panulat |
| **Inaasahang bunga** | Plano sa Pagkatuto ng isang aralin |
| E. Pakitang -turo | |
| **Gawain** | Ang guro ay magsasagaw ng pakitang turo batay sa ginawang Plano ng Pagkatuto |
| **Layunin** | Maipakita ang praktikal na aplikasyon ng estratehiya ng PEIG sa pamamagi tan ng pakitang-turo |
| **Kalahok** | Mga guro at Punong guro |
| **Pamamaraan** | Isasagawa ang aktibidad sa pamamagitan ng simulasyon o aktwal na pagtuturo ng napiling guro gamit ang binuong Plano sa Pagkatuto. Ipapakita rito ang transisyon ng mga gawain at kung paano inilalapat ang mga estratehiya ng PEIG sa loob ng klase. Pagkatapos ng pakitang-turo, magkakaroon ng isang replektibong talakayan kasama ang mga kapwa guro at punong guro upang magbigay ng konstruktibong puna at pagkilala sa mga bahaging naging epektibo sa pagkatuto. |



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

| | |
|---|---|
| **Petsa at Oras** | Ika-26 ng Mayo, 2026/ 1:00 -2:00 ng hapon |
| **Mga kagamitan** | Laptop, telebisyon, internet, papel at panulat |
| **Inaasahang bunga** | Pakitang-turong gumagamit ng mga estratehiya ng PEIG |
| **II- Ikalawang Yugto ng Pagpapatupad** | |
| **Gawain** | Aktwal na paggamit ng mga estratehiya ng PEIG sa pagtuturo sa loob ng klase. |
| **Layunin** | Naipakikita ang mas mataas na antas ng kasanayan sa pamamagitan ng aktwal na paglalapat ng mga estratehiya ng PEIG sa pagtuturo sa loob ng klase. |
| **Kalahok** | Mga guro, Tagapatnubay sa Akademya (Asst. Principal), Punong guro |
| **Panahon/ oras** | Una-Ikaapat na Markahan |
| **Kagamitan** | Laptop, telebisyon, aklat, panulat, papel |
| **Inaasahang bunga** | Malalaman na matagumpay ang ikalawang yugto ng pagpapatupad ng PEIG kung naipapakita ng mga guro ang paggamit ng mga natutunang estratehiya sa kanilang pagtuturo ng loob ng klase at nagiging mas aktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawain. Higit sa lahat, masasabing epektibo ang implementasyon kung ang mga guro ay patuloy ang refleksyon at pag-aangkop ng kanilang estratehiya upang mas mapaunlad pa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. |
| **Ebalwasyon** | Ang paggamit ng estratehiya ng guro sa loob ng klase ay tatasahin ng gurong tagapatnubay sa akademya at punong guro habang sila ay inobserbahan sa kalse (classroom observation) upang malaman kung natamo nila ang layunin o ang programa |
| **Tanda ng Tagumpay** | Aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral at magandang resulta ng kanilang mga pagtataya. |

**TALAKAYAN**

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga resulta ng pag-



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

aaral, gayundin ng pagsusuri at interpretasyon sa mga datos na nakalap. Kalakip dito ang naratibong pagtalakay sa mga resulta at implikasyon ng mga nakalap na datos na inilalarawan sa mga talahanayan.

**Suliranin Bilang 1. Ano ang propayl ng mga tagatugon batay sa kasarian?**

Ayon sa Talahanayan 1, na nagpapakita ng kasarian ng mga tagatugon na mag-aaral sa Ikasampung baitang, base sa pangkalahatang tagatugon na 67 nakakalamang ng bahagya ang bilang ng mga lalaki na 34 o (50.7%) kumpara sa mga babae na may bilang na 33 o (49.3%) na bahagdan. Sang-ayon sa datos bahagyang nakakalamang ang mga lalaking mag-aaral na tagatugon kumpara sa mga babae.

Ayon sa DepEd (S.Y 2019-2020) sa kabuuang bilang ng ikasampung baitang, nakakalamang ng bahagya ang mga mag-aaral na babae na may (51-52%) kung ihahambing sa mga lalaking mag-aaral na may (48-49%) . Ang resulta sa kasalukuyang pag-aaral ay salungat sa datos na ibinahagi ng DepEd na kung saan ang mga lalaking mag-aaral na tagatugon sa ikasampung baytang ay bahagyang nakakalamang sa mga babae.

Ayon kina Garrido-Cumbrera et al. (2022), mahalaga ang pagsusuri sa demograpikong propayl ng mga tagatugon tulad ng kanilang kasarian para maunawaan ang konteksto ng datos at tamang mabigyang-kahulugan ang resulta ng pag-aaral. Inilahad din sa kanilang pananaliksik na ang pagkilala sa mga katangiang ito ay makatutulong sa paghahambing ng mga natuklasan sa iba pang pag-aaral.

**Suliranin Bilang 2. Ano ang marka ng mga tagatugon sa paunang pagsusulit?**

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita na ang marka sa paunang pagsusulit ng mga tagatugon na mag-aaral sa ikasampung baitang bago gamitin ng mananaliksik ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng panitikang Pilipino, kung saan ang pinakamataas na marka na nakuha ng 34 o (51%) ng tagatugon ay nasa pagitan ng markang 31-40 na may paglalarawan ng Lubos na kasiya-siya, sinundan ito ng 22 o (33%) ng mga tagatugon na may marka sa pagitan ng 21-30 na may paglalarawan na Kasiya- siya. Samantalang 9 o (13%) ng mga tagatugon ang nakakuha ng marka sa pagitan ng 11-20 na may kategoryang Di-gaanong kasiya-siya at 2 o (3%) ang may pinakamababang marka na nasa saklaw 11-20 na katumbas sa Nangangailangan ng pagpapabuti. Ang mean ng marka sa paunang pagsusulit ay 28.73 na may paglalarawang Kasiya-siya at standard deviation ng 8.39.

Ang resulta ng paunang pagsusulit ay nagsasaad na ang pagganap ng mga tagatugon ay nasa kategoryang Kasiyasiya na kung saan ang mga marka ay nasa pagitan ng 21-30 wala ni isa man lamang ang nakakuha ng marka sa pinakamataas na kategoryang Napakahusay. Ito ay nangangahulugan na kaunti pa lamanang ang kaalaman ng mga tagatugon hinggil sa paksa ng nobelang El Filibusterismo na kinabibilangan ng mga kabanata 1-15. Ang pagsusulit ay nakatuon sa pag-unawa sa mga mga kaisipan, nilalaman, at ang pag-unawa sa kaugnayan nito sa mga



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan na nakapaloob sa bahagi ng nobela. Makikita sa talahanayan na iilan pa lang sa mga tagatugon ang may malalim na pang-unawa lalo na sa kultura, kasaysayan, at wikang Filipino. Sa pag-aanalisa ng datos makikita na hindi pa buo at konkreto ang paghubog ng mag-aaral hindi lamang sa intelektwal kundi maging sa espiritwal, emosyonal, at panlipunang aspeto gamit ang panitikang makabansa at makatao na kailangan upang mahubog ang holistikong pagkatao ng mga tagatugon at sa paghahanda na rin sa kanila upang maging aktibong bahagi ng lipunan at ng mundo. Samakatuwid, ang paglalapat ng makabagong at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na matutugunan ang kakulangang aspeto ng mga tagatugon ay kailanganga isulong at palawigin na tutugunan ng pagtuturo gamit ang mga estratehiya na Proyecto Educativo Institucional Global PEIG).

Ang kahalagahan ng paunang pagsusulit ang maglalarawan sa naunang kaalaman ng mga tagatugon na siyang magiging basehan ng gagawing interbensiyon o paggamit ng makabagong istratehiya. Ayon sa Contructivist Learning Theor ni Jean Piaget at Lev Vygotsky ang pagbuo ng kaalaman ay batay sa karanasan ng mag-aaral, kung saan ginagamit nila ang dating kaalaman upang maunawaan ang bagong impormasyon. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng teoryang Constructivist Theory kung saan ito ay nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon ng mga mag- aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng interaktibong estratehiya, ang mga mag-aaral ay nagiging aktibo. Ang Constructivist Theory nina Jean Piaget at Lev Vygotsky ay nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

**Suliranin Bilang 3. Ano ang marka ng panapos na pagsusulit gamit ang mga Estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG)?**

Makikita sa Talahanayan 3 ang iskor ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit matapos gamitin ng mananaliksik ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng panitikang Pilipino partikular na ang paksang El Filibusterismo. Makikita sa talahanayan na ang iskor ng mga tagatugon ay nagkumpol sa pagitan ng puntos 31-50 kung saan 39 o (58%) ay nakakuha ng pinakamataas na iskor sa pagitan ng puntos 41-50 na may paglalarawan na Napakahusay, 15 naman o (22%) ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 31-40 na may kategoryang Lubos na kasiya-siya. Samantalang 7 o (10%) ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 21-30 na may paglalarawan na Kasiys-siya, 5 o (7%) ang may iskor sa pagitan ng 11-20 at 1 o (1%) ang may iskor sa pinakamababang pagitan ng puntos 0-10 na may kategoryang Nangangailangan ng pagpapabuti. Ang panapos na pagsusulit ay nagtala ng mean na 37.90 na may kategoryang Lubos na kasiya-siya at standard deviation na 9.86.

Ang pagtaas ng iskor ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit kung saan makikita sa talahanayan na may mga nakakuha ng iskor sa pinakamataas na pagitan ng puntos na 41- 50 na may paglalarawan ng Napakahusay na hindi naitala sa paunang pagsusulit. Sinamahan pa ng mataas na mean ng panapos na pagsusulit na 37.90 na may kategoryang Lubos na kasiy-siya na nagsasaad sa magandang resulta sa iskor ng mga tagatugon na maaaring dulot ng paggamit ng mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng panitikang Pilipino partikular na ang paksang El Filibusterismo. Maaaring sabihin na ang pagtaas ng iskor ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit ay dahil sa paggamit ng istratehiyang PEIG. Ang estratehiyang PEIG ay nag-udyok sa mga tagatugon ng aktibong partisipasyon sa mga gawaing pampaaralan,



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

pagsasanay, malayang pag-iisip, at makabuluhang pakikipagtalakayan. Gayunpaman, may mga mangilanngilan na tagatugon na nasa mababang iskor, ayun na rin sa nakuhang standard deviation na 9.86 na nagpapakita ng kalat na pagganap ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit dulot marahil ng hindi makasabay ang ibang tagatugon sa ginamit na estratehiya.

Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Navarro Orellana et al. (2021), Benítez González at Fariña Ruiz (2019), at Ramos Silva (2021) na ang Proyecto Educativo Institucional (P.E.I) ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapahusay ng pamamahalang pang-edukasyon at kalidad ng pagtuturo.

**Suliranin Bilang 4. Mayroon bang pagkakaiba sa marka ng pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG?**

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng resultang estadistikal sa markang pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG. Makikita ang kinalabasan ng paghahambing ng mean ng paunang pagsusulit na 28.73 at mean ng panapos na pagsusulit na 37.90 na nagresulta ng pagtaas ng 9.17 o 32% na nagresulta sa computed paired t-test value ng -11.981 at p-value na 0.001 na mas mababa sa significance level na 0.05 kung kaya ang desisyon ay reject ang null hypothesis na ang ibig sabihin mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit. Ang pagtaas ng marka mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panapos na pagsusulit ay dulot ng paggamit ng mga estratehiya ng PEIG tulad ng Coffee Table, Rotating Microphone, Rotating Folio, Pasapalabra, Diary of Metacognition, One-Two-Four, Macropuzzle, at Roles.

Ang ibig sabihin ng pagtaas ng marka ng mga tagatugon ay bumuti ang pagganap nila matapos gamitin ang mga estratehiya ng PEIG. Ang mga estratehiya ng PEIG ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino partikular sa El Filibusterismo.

Sa pananaliksik nina Chaipunko et al. (2024), ang pauna at panapos na pagsusulit ay mahalaga sa pagsusuri ng epekto ng interbensyon sa perpormans ng mga tagatugon. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang paghahambing ng iskor ng pauna at panapos ay nakatutulong upang matukoy ang makabuluhang pagbabago sa kakayahan at pagkatuto.

Sinusuportahan ng pag-aaral ni Calautit (2024) na ang paggamit ng interbensyon ay nagdudulot ng pagtaas sa pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral, na makikita sa mas mataas na iskor sa panapos na pagsusulit kumpara sa paunang pagsusulit. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay may positibong epekto sa kinalabasan ng pagkatuto.

**Suliranin Bilang 5. Mayroon bang pagkakaiban sa marka ng mga tagatugon sa pauna at panapos na pagsusulit batay sa kanilang kasarian?**

Makikita sa Talahanayan 5.1 batay sa resulta ng ginawang paghahambing sa kasarian sa dahilang ang resulta ng computed independent t-test na 1.989 ay nagresulta ng p-value na 0.051na mas mataas sa 0.05 significance level kung kaya hindi nireject ang null hypothesis, na ibig sabihin walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at kasarian ng mga tagatugon. Walang kinalaman ang kasarian ng mga tagatugon sa marka sa paunang pagsusulit. Pareho lang ang pagganap ng tagatugong babae at lalaki sa paunang pagsusulit.



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

Sa pananaliksik na isinagawa ni Castillo (2020), tungkol sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino, natuklasan na ang antas ng pag-unawa sa mga akda ay hindi nagpapakita ng malaking agwat sa pagitan ng mga kasarian sa yugto ng paunang pagsusulit. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral, anuman ang kasarian, ay may halos magkaparehong o paunang kaalaman sa paksa.

Sa Talahanayan 5.2, makikita sa naging resulta ng paghahambing sa marka ng panapos na pagsusulit at kasarian ng tagatugon, base sa kinalabasan ng computed independent t-test na 2.973 na nagresulta ng p- value na 0.004 mas mababa sa 0.05 significance level samakatuwid ang desisyon ay reject ang null hypothesis. Ang ibig sabihin may makabuluhang pagkakaiba ang marka sa panapos na pagsusulit at kasarian ng tagatugon. Magkaiba ang marka sa panapos na pagsusulit ng babae sa lalaki.

Sa ulat ng PISA 2018 Results (Volume II)Where All Students Can Succeed nakasaad na sa lahat ng bansa na sumali sa PISA 2018, ang mga babae ay mas mataas ang perpormans. Ayon sa OECD (2019), sa mga bansang lumahok sa PISA 2018, may malinaw na pagkakaiba sa akademikong performance ng mga mag-aaral batay sa kasarian, partikular sa larangan ng pagbasa kung saan mas mataas ang marka ng mga babae kumpara sa mga lalaki. Ipinapakita nito na ang kasarian ay maaaring makaapekto sa antas ng literasi at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang propayl ng mga tagatugon, tulad ng kasarian, sa pagsusuri ng kanilang resulta sa pagsusulit upang masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performance.

Sa larangan ng edukasyon, maraming pag-aaral ang nagsuri sa pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kasarian. Ayon kina Zoltán Hermann at Marianna Kopasz (2021) sa kanilang pag-aaral na Educational Policies and the Gender Gap in Test Scores, natuklasan na may pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa kasarian, kung saan nagkakaroon ng agwat sa marka.

**Lagom**

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay ang sumusunod:

1. Base sa pangkalahatang tagatugon na 67 nakalalamang ng bahagya ang bilang ng mga lalaki na 34 o (50.7%) na bahagdan kumpara sa mga babae na may bilang na 33 o (49.3%) na bahagdan. Sang-ayon sa datos bahagyang nakalalamang ang mga lalaking mag-aaral na tagatugon kumpara sa mga babae.
2. Ang marka sa paunang pagsusulit ng mga tagatugon na mag-aaral sa Ikasampung baytang bago gamitin ng mananaliksik ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng panitikang Pilipino, ang pinakamataas na marka na nakuha ng 34 o (51%) na bahagdan ng tagatugon ay nasa pagitan ng markang 31-40 na may paglalarawan ng Lubos na kasiya-siya, sinundan ito ng 22 o (33%) na bahagdan ng mga tagatugon na may marka sa pagitan ng 21-30 na may paglalarawan na Kasiya-siya. Samantalang 9 o (13%) bahagdan ng mga tagatugon ang nakakuha ng marka sa pagitan ng 11-20 na may kategoryang Di- gaanong kasiya-siya at 2 o (3%) bahagdan ang may pinakamababang marka na nasa saklaw 11-20 na katumbas sa Nangangailangan ng pagpapabuti. Ang mean ng marka sa paunang pagsusulit ay 28.73 na may paglalarawang Kasiya-siya at standard deviation ng 8.39.
3. Ang iskor ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit matapos gamitin ng



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

mananaliksik ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino partikular na ang paksang El Filibusterismo. Ang iskor ng mga tagatugon ay nagkumpol sa pagitan ng puntos 31-50 kung saan 39 o (58%) na bahagdan ay nakakuha ng pinakamataas na iskor sa pagitan ng puntos 41-50 na may paglalarawan na Napakahusay, 15 naman o (22%) na bahagdan ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 31-40 na may kategoryang Lubos na kasiya-siya. Samantalang 7 o (10%) bahagdan ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 21-30 na may paglalarawan na Kasiys-siya, 5 o (7%) na bahagdan ang may iskor sa pagitan ng 11-20 at 1 o (1%) bahagdan ang may iskor sa pinakamababang pagitan ng puntos 0-10 na may kategoryang Nangangailangan ng pagpapabuti. Ang panapos na pagsusulit ay nagtala ng mean na 37.90 na may kategoryang Lubos na kasiya- siya at standard deviation na 9.86.

4. Ang resulta ng paghahambing sa markang pauna at panapos na pagsusulit gamit ang mga estratehiya ng PEIG nagpapakita ng mean ng paunang pagsusulit na 28.73 at mean ng panapos na pagsusulit na 37.90 na nagresulta ng pagtaas ng 9.17 o (32%) na nagresulta sa computed paired t-test value ng -11.981 at p-value na 0.001 na mas mababa sa significance level na 0.05 kung kaya ang desisyon ay reject ang null hypothesis.
5. Batay sa resulta ng ginawang paghahambing sa pagitan ng paunang pagsusulit at propayl ng mga tagatugon walang mahalagang pagkakaiba ang marka sa paunang pagsusulit sa kasarian sa dahilang ang resulta ng computed independent t-test na 1.989 ay nagresulta ng p-value na 0.051na mas mataas sa 0.05 significance level. Iba ang naging resulta ng paghahambing sa marka ng panapos na pagssusulit at kasarian ng tagatugon. Base sa kinalabasan ng computed independent t-test na 2.973 na nagresulta ng p-value na 0.004 mas mababa sa 0.05 significance level

**Konklusyon**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Karamihan sa mga mag-aaral na tagatugon sa Ikasampung baitang sa kasalukuyang pag-aaral ay nakalalamang ang mga lalaking mag-aaral na tagatugon kumpara sa mga babae. Ayon sa DepEd sa kabuuang bilang ng Ikasampung baitang, nakakalamang nang bahagya ang mga mag-aaral na babae kung ihahambing sa mga lalaking mag-aaral.
2. Ang pagganap ng mga tagatugon sa paunang pagsusulit ay nasa kategoryang Kasiya-siya, wala ni isa man ang nakakuha ng marka sa pinakamataas na kategoryang Napakahusay. Ito ay nangangahulugan na kaunti pa lamang ang kaalaman ng mga tagatugon hinggil sa paksa ng nobelang El Filibusterismo. Ang pagsusulit ay nakatuon sa pag-unawa sa mga mga kaisipan, nilalaman, at ang pag-unawa sa kaugnayan nito sa mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan na nakapaloob sa bahagi ng nobela. Iilan pa lang sa mga tagatugon ang may malalim na pang-unawa lalo na sa kultura, kasaysayan, at wikang Filipino. Hindi pa buo at konkreto ang paghubog ng mag-aaral hindi lamang sa intelektwal kundi maging sa espiritwal, emosyonal, at panlipunang aspeto gamit ang panitikang makabansa at makatao na kailangan upang mahubog ang holistikong pagkatao ng mga tagatugon at sa paghahanda na rin sa kanila upang maging aktibong bahagi ng lipunan at ng mundo. Samakatuwid, ang paglalapat ng makabagong at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na matutugunan ang kakulangang aspeto



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

ng mga tagatugon ay kailanganga isulong at palawigin na tutugunan ng pagtuturo gamit ang mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG).

3. Ang pagtaas ng marka ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit ay nagsasaad sa magandang resulta ng marka ng mga tagatugon na maaaring dulot ng paggamit ng mga estratehiya ng Proyecto Educativo Institucional Global (PEIG) sa pagtuturo ng panitikang Pilipino partikular na ang paksang El Filibusterismo. Maaaring sabihing ang pagtaas ng iskor ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit ay dahil sa paggamit ng estratehiya ng PEIG. Ito ay nag-udyok sa mga tagatugon ng aktibong partisipasyon sa mga gawaing pampaaralan, pagsasanay, malayang pag-iisip, at makabuluhang pakikipagtalakayan. Gayunpaman, may mga mangilan-ngilang tagatugon na nasa mababang iskor, ayon na rin sa nakuhang standard deviation na nagpapakita ng kalat na pagganap ng mga tagatugon sa panapos na pagsusulit dulot marahil ng hindi makasabay ang ibang tagatugon sa ginamit na estratehiya.
4. Mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit. Ang pagtaas ng marka mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panapos na pagsusulit ay dulot ng paggamit ng mga estratehiya ng PEIG tulad ng Coffee Table, Rotating Microphone, Pasapalabra, Diary of Metacognition, at Roles. Ang pagtaas ng marka ng mga tagatugon ay nangangahulugang bumuti ang pagganap nila matapos gamitin ang mga estratehiya ng PEIG. Ang mga estratehiya ng PEIG ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng panitikang Pilipino partikular na sa paksang El Filibusterismo.
5. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at kasarian ng mga tagatugon. Walang kinalaman ang kasarian ng mga tagatugon sa marka sa paunang pagsusulit. Pareho lamang ang pagganap ng tagatugong babae at lalaki sa paunang pagsusulit. Iba ang naging resulta ng paghahambing sa marka ng panapos na pagssusulit at kasarian ng tagatugon. May makabuluhang pagkakaiba ang marka sa panapos na pagsusulit at kasarian ng tagatugon. Magkaiba ang marka sa panapos na pagsusulit ng babae sa lalaki.
6. Base sa resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumawa at nagdisenyo ng programang Seminar workshop para sa mga guro upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo partikular ang estratehiya ng PEIG.

**Rekomendasyon**

Sa mga konklusyon na nakuha mula sa pag-aaral, naitala ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Mungkahing gamitin ang estratehiya ng PEIG

   Batay sa kinalabasan ng pananaliksik maganda ang naging resulta sa marka ng mga tagatugon sa Ikasampung baytang. Nagkaroon ng mataas na iskor sa panapos na pagsusulit matapos gamitin ang mga mga estratehiya ng PEIG tulad ng Coffee Table, Rotating Microphone, Pasapalabra, Diary of Metacognition, at Roles. Bumuti ang pagganap nila matapos gamitin ang mga estratehiya ng PEIG. Ang mga ito ay mabisang gamitin sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino partikular na ang paksang El Filibusterismo. Iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ng mga guro sa Filipino ang estratehiya sa pagtuturo.
2. Gamitin sa ibang asignatura at ibang baitang

   Maaaring gamitin ang mga mga estratehiya ng PEIG sa ibang asignatura at ibang



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09

baitang. Ang pamamaraan at proseso ng paggamit ng mga estratehiya ng PEIG ay naaangkop sa lahat ng disiplina. Ang mga ito ay madaling ilapat sa maraming paksa na madali ding iayon sa mga inaasahang layunin ng pagkatuto.

3. Ipatupad ang iminungkahing programa

   Ipatupad ang iminungkahing programa upang magkaroon ng kaalaman ang mga guro sa iba't ibang mga pamamaraan ng pagtuturo gamit ang mga estratehiya ng PEIG.

4. Pakikipanayam sa mga guro

   Upang malaman ang naging epekto ng paggamit ng mga estratehiya, makipanayam sa iba pang mga guro sa paaralan para higit pang mapalago ang paggamit ng mga estratehiya sa loob ng klase.

5. Gamitin sa pagtuturo ng wika

   Alamin ang bisa ng mga estratehiya ng PEIG sa aralin na may kaugnayan sa wika.

6. Mga Mananaliksik sa Hinaharap

   Magsagawa ng kaparehong pananaliksik sa ibang asignatura, ibang baitang, ibang baryabols, pampublikong paaralan upang mapatunayan ang kabisaan ng estratehiya

## REFERENCES


Abaigar, B. R., Galit, G. C., & Balderian, A. L. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 1788–1813. https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681

Agusrita, A., Arief, D., Bagaskara, R. S., & Yunita, R. (2020). Penggunaan media gambar untuk meningkatkan keterampilan menulis puisi di sekolah dasar. Jurnal Basicedu, 4(3), 604–609.

Aquino, P. B. B., Cueva, J. E., Kadusale, J. R. D., Medina, C. M. B., & Yonsion, M. (2024). Estratehiyang Ginagamit Ng Mga Guro Sa Pagpapaunlad Ng Kaalamang Pampanitikan: Gabay Tungo Sa Makabagong Pamamaraan. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research,https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13515

Ballard, C. M., Bongcaras, Z. G., Espiritu Santo, P. A., Tadulan, R. G., & Villamor, J. E. (2024). Lawak ng nalalaman sa panitikang Filipino ng piling mag-aaral na nasa ikalawang taon ng kolehiyo. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/

Benítez González, M. C., & Fariña Ruiz, B. V. (2019). El Proyecto Educativo Institucional: Una herramienta de gestión participativa. ScientiAmericana. https://revistacientifica.sudamericana.edu.py/index.php/scientiamericana/article/view/85

Calautit, K. M. B. (2024). https://rsisinternational.org/journals/ijriss/Digital-Library/volume-8-issue-3s/3993-4000.pdf

Castillo, R. C. (2020). Epekto ng paggamit ng estratehiyang Reader's Theater sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa Panitikang Pilipino. Journal of Educational Research. https://www.philjol.info/philjol/index.php/JER/article/view/1589

Chaipunko, S., Ammawat, W., Oanmun, K., Hongnaphadol, W., Sorasak, S., & Makmee, P. (2024). A pretest-posttest pilot study for augmented reality-based physical-cognitive training in community-dwelling older adults at risk of mild cognitive impairment. arXiv. https://arxiv.org/abs/2404.18970

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed

methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.
Department of Education. (2016). DepEd Order No. 55, s. 2016: Policy guidelines on the national assessment of student learning for the K to 12 basic education program. https://www.deped.gov.ph/2016/06/30/do-55-s-2016-policy-guidelines-on-the-national-assessment-of-student-learning-for-the-k-to-12-basic-education-program
Del Rosario, V. A. (2022). Approaches in teaching literature in public secondary schools of Southern Nueva Vizcaya. International Multidisciplinary Research Journal, 4(2), 193–201. https://ioer-imrj.com/wp-content/uploads/2022/06/Approaches-in-Teaching-Literature-in-Public-Secondary-Schools-of-Southern-Nueva-Vizcaya.pdf
Espiritu, J. L. (2024). The shifting landscape of bilingual education: Global insights and Philippinerealities.SSRN. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=5974334
Garrido-Cumbrera, M., Navarro-Compán, V., Bundy, C., Mahapatra, R., Makri, S., Plazuelo-Ramos, P., & Poddubnyy, D. (2022). Demographic profile of survey respondents. In Axial spondyloarthritis: Patient-reported impact in Europe. Springer. https://doi.org/10.1007/978-3-030-97606-4_4
Guerrero Cuentas, H. R., Crissien Borrero, T. J., & Paniagua Freyle, R. (2017). Proyectos educativos institucionales colombianos (PEI): Educación inclusiva a través de la autoevaluación.
Opción: Revista de Ciencias Humanas y Sociales. https://dialnet.unirioja.es/servlet/articulo?codigo=6402371
International Institute for Educational Planning (IIEP-UNESCO). (n.d.). Plan educativo institucional.
International Institute for Educational Planning (IIEP-UNESCO). (1995). Decentralization and planning of education: Recent experiences in five Latin American countries. https://www.iiep.unesco.org/en/publication/decentralization-and-planning-education-recent-experiences-five-latin-american-countries
Istiyani, D., & Wibowo, A. M. (2020). Internalizing nationalism awareness in early childhood Islamic education institution with the spirit of Aswaja an-Nahdliyah. Analisa: Journal of Social Science and Religion, 5(2)
Macapugas, L. S., & Rojas, V. Y. (2024). Pamamaraan sa pagtuturo-pagkatuto sa Filipino sa higher education institutions. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://eprajournals.com/IJMR/article/17737
National Commission for Culture and the Arts. (n.d.). Philippine Cultural Education Program (PCEP). Nakuha mula sa https://ncca.gov.ph/programs/philippine-cultural-education-program-pcep/
Omega, N. (2020, Pebrero 9). Ano, bakit, at paano pinag-aaralan ang panitikan? Panitikang Pilipino.https://nazarethomega.wordpress.com/2020/02/09/ano-bakit-at-paano-pinag-aaralan-ang-panitikan/
Pagcanlungan, M. G. H. (2021, Nobyembre). Paksa: Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. La Consolacion University Philippines. https://www.researchgate.net/publication/356584975_Paksa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
Philippine Statistics Authority. (2024). 2024 functional literacy, education and mass media survey FLEMMS): National data dissemination forum. https://psa.gov.ph/content/psa-conducts 2024-functional-literacy-education- and-mass-media-survey-national-data
Platil, J. A., et al. (2024). Bisa ng pagtuturo sa makasaysayang pagpapahalaga sa kontemporanyong kulturang Pilipino ng mga mag-aaral sa humanidades at agham panlipunan. Zenodo. https://zenodo.org/records/11561618
Salazar, E. G. (2024). Paglalahad ng mga guro sa kahalagahan ng interaktibong pagtuturo sa

pagkatuto ng Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://eprajournals.com/IJMR/article/16322
Santa Ana Caspe. (n.d.). Proyecto educativo institucional (PEI). https://santaanacaspe.com/proyecto-educativo-institucional-pei/
Salazar, E. G. (2024). Paglalahad ng mga guro sa kahalagahan ng interaktibong pagtuturo sa pagkatuto ng Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://eprajournals.com/IJMR/article/16322
Smaoui, A., Bensalem, H., & Jebali, A. (2023). The glocal dimension in education: Critical pedagogies in transition. Springer.
Untalan, S. (2025, July 31). PSA: Only 70.8% of Filipinos aged 10–64 functionally literate. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/954393/psa-only-70-8-of-filipinos-aged-10-64-functionally-literate/story/



Aquino, A. A., & Mendoza Jr., V. S. (2026). PAGSUSURI SA BISA NG PROYECTO EDUCATIVO INSTITUCIONAL GLOBAL (PEIG) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO SA BAITANG 10. The Feurian, 1(1), 39–66. https://doi.org/10.17613/02gys-gjp09